APPLICATION

- Si Jesus ba ang iyong Diyos, Panginoon, at Tagapagligtas? Ibinigay mo na ba ang iyong pagtitiwala sa Kanya para sa iyong kaligtasan? Kung hindi pa, gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka nahihirapan na magtiwala sa Diyos? Naniniwala ka ba na hawak Niya ang iyong buhay? Paano mo siya magagawang mas pagkatiwalaan ngayong linggo?
- Si Jesus ba ang kataas-taasan sa buhay mo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang maipakita kung sino Siya?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pag-ibig, kapangyarihan, at kadakilaan. Ihayag ang iyong katapatan sa Kanya at mangakong susundin Siya sa lahat ng araw ng iyong buhay.
- Ipanalangin na mas makilala mo Siya araw-araw sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.
- Hingin sa Diyos na ingatan ang iglesya laban sa mga maling katuruan. Ipanalangin ang pagkakaroon mo ng pang-unawa kay Cristo na ayon sa Bibliya, at maipasa mo rin ito sa iba.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

Paghahari ni Cristo

NOTES

WARM-UP

- Paano ka nakikitungo sa taong mahalaga sa iyo? Ano ang ginagawa o sinasabi mo sa kanya? Isalaysay ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Paano mo ipakikilala ang iyong sarili sa iba? Ano ang mga sinasabi mo tungkol sa iyong sarili?
- Ano ang ginagawa mo upang makilala ang isang tao? Ilarawan kung ano ang gagawin, itatanong, o sasabihin mo sa kanya.

WORD

Si Cristo ang larawan ng di-nakikitang Diyos, at siya ang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.
MGA TAGA-COLOSAS 1:15

Noong panahong isinusulat ni Apostol Pablo ang liham na ito sa mga taga-Colosas, maraming kumakalat na mga maling katuruan tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo. Sinikap ni Apostol Pablo na itama ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa iglesya kung sino si Cristo. Sa pahayag na ito, ipinaliwanag niyang mabuti na si Jesus ang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. Siya ang pinakadakila at ang Siyang karapat-dapat tumanggap tumanggap ng lahat ng ating pagsamba at paggalang. Ang nakalulungkot ay ang pagkakaroon pa rin ng mga maling katuruan sa ating kultura ngayon. Gayunpaman, nakatuon tayo sa Kasulatan na siyang nagpapakita sa atin ng katotohanan tungkol sa Kanya. Sa araling ito, ating titingnan kung sino si Jesus: Diyos, Tagapaglikha, pinuno ng iglesya, at Tagapagligtas.

1 Si Jesus ay Diyos.

Si Cristo ang larawan ng di-nakikitang Diyos, at siya ang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. **MGA TAGA-COLOSAS 1:15**

Ipinakita ni Jesus na Siya ang larawan ng Diyos. Bilang panganay ng lahat ng nilikha, hawak Niya ang karapatan at mga pribilehiyo ng pagiging Anak ng Diyos. Siya ang ikalawang persona sa tatlong persona ng iisang Diyos. Ano ang sinabi ni Simon Pedro tungkol sa kung sino si Jesus? (Mateo 16:16)

2 Si Jesus ang ating Tagapaglikha.

[16]Sapagkat sa pamamagitan niya, at para sa kanya, nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa mundo, ang nakikita pati rin ang di-nakikita, katulad ng mga espiritung naghahari at namamahala, mga espiritung namumuno at may kapangyarihan. [17]Bago pa man likhain ang anumang bagay, naroon na si Cristo, at sa pamamagitan niya ang lahat ay nananatiling nasa kaayusan. **MGA TAGA-COLOSAS 1:16,17**

Si Jesus ang pinaka-supremo sa lahat sa ating buhay, pangunahin, pinakamahalaga sa lahat at makapangyarihan. Hindi lamang nalalang ang mga bagay dahil nakasalalay ang lahat ng ito sa Kanya. Nasasaayos at napapanatili ang lahat ng ito dahil sa Kanya. Ang lahat ng atom sa buong daigdig ay naisaayos ng walang kaguluhan o kalituhan. Dahil na rin sa walang hanggang kapangyarihan ni Cristo, ang lahat ay nasa ayos. Paano ka binibigyan ng kasiguraduhan ng katotohanan na sinasabi sa Mga Taga-Colosas 1:17 tungkol sa kapangyarihan at pagpapala ng Diyos sa iyong buhay?

3 Si Jesus ang Ulo ng Iglesya.

Si Cristo ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang pinagmulan nito, ang unang nabuhay sa mga patay, para maging pinakadakila siya sa lahat. **MGA TAGA-COLOSAS 1:18**

Ang iglesya ay napapabilang kay Cristo. Siya ang gumagabay, nagpapatuloy, at namumuno rito. Ang Kanyang muling pagkabuhay ang pangunahin sa lahat ng mga mamamayan ng Diyos. Ano ang relasyon ng ulo sa katawan? Paano dapat kumilos ang katawan alinsunod sa ulo?

4 Si Jesus ang ating Tagapagligtas.

[19]Sapagkat minabuti ng Diyos na ang pagka-Diyos niya ay manahan nang lubos kay Cristo, [20]at sa pamamagitan ni Cristo, ipagkakasundo sa kanya ang lahat ng nilikha sa langit at sa mundo. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng dugo ni Cristo sa krus. **MGA TAGA-COLOSAS 1:19,20**

Bagama't si Jesus ay ating Diyos, Panginoon, at Tagapaglikha, pinili Niyang maging ating Tagapagligtas. Si Jesus na isang ganap na Diyos, ay naging ganap din na tao upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan. Ipinagkasundo Niya tayo sa Ama sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay. Paano binago ng krus ang kasaysayan? Paano binago ng pagkaunawa mo sa sakripisyo ni Cristo ang iyong buhay?